
2

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan – Modyul 2: Talino at Kakayahang Taglay ay Gamitin upang Maabot ang Mithiin



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ika- apat Markahan – Modyul 2: Kakayahan at Talinong Taglay ay Gamitin at Paunlarin upang Maabot ang Mithiin**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | **AL JOHN U. FEBRERO** |
| **Patnugot:** | **BENNEDICK T. VIOLA** |
| | **MARIE ANN C. LIGSAY, PhD** |
| **Tagasuri:** | **AUGUSTO A. MATEO** |
| | **ROSALINDA S. IBARRA, PhD** |
| **Tagaguhit:** | **JINKY H. MARTIN** |
| | **IMLEDA B. SICAT** |
| **Tagalapat:** | **AIZA G. DINGLE** |

**Tagapamahala:**

**NICOLAS T. CAPULONG PhD, CESO V**
**LIBRADA M. RUBIO, PhD**
**MA. EDITHA R. CAPARAS, EdD**
**NESTOR P. NUESCA, EdD**
**LARRY B. ESPIRITU, PhD**
**RODOLFO A. DIZON, PhD**
**MERCEDITA D. SALDERO**

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St. D. M. Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan – Modyul 2: Kakayahan at Talinong Taglay ay Gamitin at Paunlarin upang Maabot ang Mithiin

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 2** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Kakayahang at Talentong Taglay ay Gamitin upang Maabot ang Mithiin.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ang modyul na ito, **"Hulwarang Kontekstuwalisadong Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao para sa Baitang 2"** ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon III. Hinihikayat namin ang mga gurong gagamit nito na mag-*email* ng kanilang puna at mungkahi sa region3@deped.gov.ph.

Ang modyul na ito ay inihanda upang tulungan ang iyong mga mag-aaral na matukoy ang kanilang mga talento o kakayahan.

Inaasahan ang pagpapatnubay sa mga mag-aaral habang isinasagawa ang modyul na ito.

Ang mga sagot sa bawat gawain ay matatagpuan sa likod ng modyul na ito.

Para sa Mag-aaral:

Sa modyul na ito ay inaasahang malilinang ng mga mag-aaral ang kanilang talento o kakayahan at malaman kung paano nila ito mapauunlad at mapapahalagahan.

Ang modyul na ito ay magsisilbing gabay mo sa pansariling pagkatuto. Gamitin ito bilang patnubay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging wasto ang paggamit kailangang malinaw sa iyo ang dapat gawin.

Malugod na pagtanggap sa Edukasyon sa Pagpapakato 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Kakayahan Ko, Pagyayamanin Ko!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |

| | |
|---|---|
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay naghanda ng mga gawaing makatutulong sa iyo upang makapagpakita ng iba't ibang pamamaraan ng pagpapasalamat sa mga kakayahan at talino na mula sa Dakilang Lumikha. **(EsP2PD- IVe-I – 6)**

Pagkatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahan na:

1. Nagagamit nang wasto ang mga talino at kakayahan;
2. Naibabahagi ang mga talino at kakayahang taglay;
3. Nakatutulong sa kapuwa gamit ang taglay na talino at kakayahan;
4. Napauunlad ang mga talino at kakayahang kaloob ng Dakilang Lumikha.

# *Subukin*

Panuto: Isulat sa patlang ang salitang **tama** kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at **mali** kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

______1. Umaawit ng mga awit ng pag-ibig at pasasalamat para sa Dakilang Lumikha.

______ 2. Ginagamit ang kakayahan sa pagsayaw upang mapanatiling malusog ang pangangatawan.

______ 3. Tinuturuan ang aking kamag-aral sa aming mga aralin.

______ 4. Laging ikinukumpara ang kakayahan sa iba.

______ 5. Bigyang-pansin ang talino at kakayahan ng iba kaysa sarili.

# Aralin 2 Kakayahan at Talinong Taglay ay Gamitin upang Maabot ang Mithiin

Ang iyong kakayahan at talino ay kaloob mula sa Dakilang Lumikha. Ang mga bagay na ito ay dapat mong gamitin, pangalagaan at paunlarin. Sa pagsasagawa nito, maaari kang makatulong sa iyong kapuwa. Makatutulong din ito upang mapasaya ang iyong sarili.

Basahin ang tulang may pamagat na "Talino at Kakayahang Aking Taglay, Gagamitin at Papaunlaring Tunay". Dito ay mababasa mo ang iba't ibang pamamaraan kung paano magagamit ang talino at kakayahang kaloob sa iyo. Ihahanda ka nito sa kasunod na gawain na dapat mong sagutin.

**Kakayahan at Talino na Aking Taglay,**

**Gagamitin at Papaunlaring Tunay**

**ni: Al John U. Febrero**

Mula sa paggising sa umaga, biyaya na ang hatid Niya

Kakayahan at talino mula sa Kanya iaalay at ibabahagi sa iba,

tanda ng aking pasasalamat at taos-pusong ligaya

Galing sa pag-awit lalong pauunlarin upang tinig ay magsilbing tinig ng pag- ibig.

Lakas ng pangangatawan ay pangangalagaan,

tulong sa kapuwa ay mapangatawanan,

Malikhaing kamay sa pagguhit pag- bubutihin

mga mata ng kapuwa ay bususugin.

Talas ng pag-iisip laging gagamitin,

sisikaping ang mga suliranin ay lutasin

Galing sa pagsayaw laging ihahataw

upang malusog na pangangatawan ay abot-tanaw,

Talino at kakayahang aking taglay
ipagpapasalamat kong tunay.

## Balikan

Panuto: Pagtambalin ang larawan ng kakayahan at talino sa **Hanay A** sa gamit nito sa **Hanay B**. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

**Hanay A**

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

**Hanay B**

a. Hataw sa pagsayaw, malusog na pangangatawan ay abot tanaw

b. Lakas ng pangangatawan pagtulong paninindigan

c. Kakayahan sa pagguhit mga mata ninyo ay bubusugin.

d. Talas ng isipan sulinarin ay lulutasin

e. Tinig ay gagamitin upang ipadama ang pag- ibig

f. Galing sa pagbilang pagbubutihin galing sa matematika malilinang.

*Mga Tala para sa Guro*

Gamit ang modyul na ito ay matutulungan ang mga guro upang malinang ang kakayahan at talino ng mga mag-aaral na matukoy ang mga pamamaraan upang magamit, maibahagi at mapaunlad ang mga biyayang talino at kakayahan ng Dakilang Lumikha.

# *Tuklasin*

Basahin ang maikling kuwento.

**"Biyayang Kakayahan at Talino ating Gamitin at Paunlarin"**

Ang inyong grupo ay biniyayaan ng Dakilang Lumikha ng iba't ibang talino at kakayahan. Si Nena ay mahusay sa pagkanta, ginagamit niya ito upang maipadama sa kapuwa ang pag-ibig at pagpapahalaga. Hataw ng katawan ni John sa bawat programa ng paaralan ang mga manonood kanyang napapasaya. Talas ng isipan ni Ann tulong sa kamag-aral ay laging maasahan, sa tagisan ng talino maaasahan. Si Julio ay may angking lakas ng pangangatawan pambato sa laro at palakasan.

Ang iyong taglay na talento at kakayahan ay kaloob mula sa Dakilang Lumikha. Kailangan mong isipin at

isagawa ang mga pamamaraan upang mapaunlad ang mga ito.

Tumulong at magbahagi sa iyong kapuwa upang mas maging makahulugan ang mga biyayang iyong ipinagkaloob sa iyo.

## *Suriin*

### Talino at Kakayahan

Ito ay mga bagay na kaloob ng Dakilang Lumikha. Maaari itong gamitin upang mapasaya ang kapuwa at ang sarili. Ang mga ito ay dapat linangin at paunlarin, sa pagsasagawa ito iyong makikita ang iyong kasiyahan at pasasalamat.

Halimbawa ng mga talino at kakayahang taglay:

1. Pag-awit
2. Pagsayaw
3. Pagguhit
4. Talino sa iba't ibang asignatura

Mapauunlad ang mga talento at kayayahan sa pamamagitan ng:

- Pag-eensayo
- Paghingi ng tulong sa mga eksperto o dalubhasa
- Paghingi ng suporta sa mga mahal sa buhay
- Kasipagan sa paggamit ng mga talentong iyong taglay at maaari pang taglayin.
- Tumulong sa Kapuwa
- Magkabahagi ng iyong mga talento at kakayahan

Panuto: Pagtambalin ang mga kakayahan at talino Hanay A at mga pamamaraan ng pagpapaunlad sa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Galing sa pagsayaw | a. Madalas na pagguhit ng magagandang tanawin at paboritong tauhan |
| 2. Husay sa pag-awit | b. Panunuod sa iba't ibang uri ng sayaw |
| 3. Galing sa matematika | c. Pakikinig sa mga awiting kayang awitin. |
| 4. Bilis at lakas ng katawan sa mga laro | d. Pag-eensayo sa mga suliraning pang numero |
| 5. Kasanayan sa pagguhit | e. Pag-eehersisyo at pagkain ng masusutansiyang pagkain |
| | f. Paggaya sa kakayahan at talento ng iba. |

## *Pagyamanin*

Panuto: Isulat ang salitang **opo** kung ang pahayag ay tamang pamamaraan upang magamit at mapaunlad ang kakayahan at talino at **hindi po** kung di wasto ang pamamaraan o kilos.

____________ 1. Humingi ng tulong sa mga magulang at kapatid upang mapaghusay ang kakayahan.

____________ 2. Huwag ng mag-ensayo sapagkat ikaw ay magaling na.

____________ 3. Ang kahusayan sa pagguhit at pagpinta ay gagamitin upang mangbuska.

____________ 4. Ang talinong taglay sa iba't ibang asignatura ay gagamitin upang matulungan ang mga kamag-aral.

____________ 5. Pakinggan ang mahahalagang puntos mula sa mga dalubhasa at eksperto.

## *Isaisip*

Lahat ng kakayahan at talino ay ipinagkaloob ng Dakilang Lumikha. Kinakailangan na itong gamitin at paunlarin sa pamamagitan ng mga mabubuting bagay at pamamaraan. Gamitin ito para sa kapuwa at sa sarili. Gayundin, sikaping ito ay paunlarin.

# Isagawa

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang mga wastong pahayag mula sa ibinigay na sitwasyon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Mahusay ka sa matematika. Paano ka makatutulong sa iyong mga kamag- aral at kaibigan?

☐ a. Huwag silang pansinin.

☐ b. Kumampi lamang sa iba.

☐ c. Iwasan silang tulungan upang di-maabuso.

☐ d. Makibahagi sa mga gawain sa silid-aralan gamit ang iyong talento at kakayahan.

2. Tinututulungan ka ng iyong mga kapamilya at kaibigan sa talentong nais mong paunlarin. Paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa kanila?

☐ a. Matakot humingi ng tulong mula sa kanila.

☐ b. Laging hingin ang kanilang suporta kahit sa mga bagay na kaya mo na.

☐ c. Humingi ng mataas na paggalang mula sa nakatataas at nakatatanda.

☐ d. Sisikaping magamit ang aking talento at kakayahan upang mapasaya sila at maipadama ang pagmamahal.

3. Mahusay ka sa pag-awit. Paano mo ito magagamit?

☐ a. Lumikha ng magagandang awitin

☐ b. Awitan ang mga guro at kamag-aral

☐ c. Umawit ng mga awitiing hindi angkop sa mga bata

☐ d. Huwag nang magsasanay dahil magaling na sa pag-awit

4. Nais mong humusay ang iyong kakayahan sa pagguhit. Kanino ka hihingi ng tulong?

- ☐ a. Eksperto sa pagguguhit
- ☐ b. Mahusay sa pag-awit
- ☐ c. Gurong mahusay sa pagsayaw
- ☐ d. Kaibigang nais ding maging mahusay sa pagguhit.

5. Mahusay kang tumula. Paano mo ito maipapakita?

- ☐ a. Tumula nang pasigaw.
- ☐ b. Tumula nang may masamang mensahe.
- c. Tumula nang kapupulutan ng aral.
- ☐ d. Ipilit ang tulang nais kahit hindi akma sa tema.

# Tayahin

Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Gustong mapaunlad ni Anna ang kanyang kakayahang sagutin ang mga suliraning pangnumero. Paano siya magtatagumpay?
   a. Iwasan ang palagiang pag-eensayo.
   b. Humingi ng tulong sa guro sa Filipino
   c. Sikaping mapaghusay ang kakayahan sa pagbilang.
   d. Paunlarin ang kakayahan sa pamamagitan ng pageensayo gamit ang mga at numero.

2. Natatangi ang iyong talento sa pagsayaw at pag-awit. Paano ito magiging makabuluhan sa iyong kapuwa at sarili?
   a. Pasayahin ang kapuwa at sarili.
   b. Maging mapagmataas sa kapuwa.
   c. Tingnan ng mataas ang sarili kaysa kapuwa.
   d. Ipakitang ang lahat ng kakayahan upang magyabang.

3. Nakalikha ka ng magagandang larawan ng tanawin sa Pilipinas. Paano magiging makahulugan ang kakayahang ito?
   a. Ibahagi ang mga iginuhit upang maipagmalaki ang mga tanawin sa sariling bayan.
   b. Gumuhit ng mga larawang makikita sa ibang mga bansa upang mapahanga ang iba.
   c. Gumuhit ng mga larawan ng tanawin upang maihambing ang mga katangian ng mga ito
   d. Bigyan diin ang kapintasan ng mga tanawin na iginuhit.

4. Nakabuo ka ng isang bagay na nakapagpadali ng iyong gawain. Paano magiging makabuluhan ang likhang ito?
   a. Ibahagi ito sa kapuwa.
   b. Huwag ibahagi upang mahirapan ang iba.
   c. Sikaping maiba ang kakayahang taglay mula sa iba
   d. Gayahin ang likha ng iba upang hindi mahirapan.

5. Mayroon kang mga kakayahang angkin. Paano magiging kapakipakinabang ang mga ito?
   a. Maging mapagmalaki sa mga taglay na kakayahan.
   b. Gamitin ang mga ito upang maliitin at buskahin ang kapuwa.
   c. Sikaping mapaunlad ang mga taglay na kakayahan.
   d. Matakot na ipakita ang angking kakayahan sapagkat may mas magaling sa iyo.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Kompletuhin ang mga impormasyong hinihingi ng bawat bahagi ng talaan.

| Talino at Kakayahang Taglay | Pamamaraan upang mapaunlad | Maaaring Tumulong |
|---|---|---|
| 1. Pag- awit | | |
| 2. Pagsayaw | | |
| 3. Pagguhit | | |
| 4. Pagbilang | | |
| 5. Pagtula | | |

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Suriin | Pagyamanin |
|---|---|---|---|
| 1. tama | 1. e | 1. b | 1. opo |
| 2. tama | 2. a | 2. c | 2. hindi po |
| 3. tama | 3. c | 3. d | 3. hindi po |
| 4. mali | 4. d | 4. e | 4. opo |
| 5. mali | 5. b | 5. a | 5. opo |

| Isagawa | Tayahin |
|---|---|
| | A. |
| 1. d | 1. d |
| 2. d | 2. a |
| 3. a | 3. a |
| 4. a | 4. a |
| 5. c | 5. c |

# *Sanggunian*


Victoria Guia-Biglete, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, Isabel Monterozo-Gonzales. 2013. Kagamitan ng Mag-aaral. *Kakayahan mo, Ipakita mo; Kakayahan mo, Paunlarin mo; Kakayahan ko, Kahinaan Ko; Kakayahan ko, Papahalagahan ko*.pp. 2-19.

Victoria Guia-Biglete, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, Isabel Monterozo-Gonzales. 2013.Patnubay ng Guro. *Kakayahan mo, Ipakita mo; Kakayahan mo, Paunlarin mo; Kakayahan ko, Kahinaan Ko; Kakayahan ko, Papahalagahan ko*. pp. 3-13.

Iduria, Vicky. 2020.Kakayahan Mo, Ipakita Mo. https://www.youtube.com/watch?v=yGHbNu6lxP4. July 25, 2020.

Iduria, Vicky. 2020.Kakayahan Mo, Paunlarin Mo. https://www.youtube.com/watch?v=tzQf-gB5lfY. July 27, 2020.

Iduria, Vicky. 2020.Kakayahan Ko, Pagbubutihin ko. https://www.youtube.com/watch?v=Xkta38i5heM. July 28, 2020.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph